Estado ng California

✓ PROP 1

SUPORTA: Sinususugan ang konstitusyon ng California upang isama ang karapatan ng isang tao sa kalayaan sa reproduktibo, na kabilang ang karapatang pumili kung magpapalaglag at gagamit ng mga kontraseptib. Ito ay mahalagang pangangalagang medikal at isang pangunahing karapatan na dapat protektahan mula sa pulitika.

WALANG POSISYON PROP 26

WALANG POSISYON: Pinapalawak ang mga opsyon para sa personal na pagsusugal upang isama ang pagtaya sa sports, dice, at ruleta sa mga tribal casino (gaya ng pinapayagan ng mga tribal compact) at pagtaya sa sports sa mga karerahan. Bumubuo ng kita para sa mga gastos sa regulasyon, tulong para sa pagkagumon sa sugal, at pangkalahatang pondo ng estado. Suportado ng mga pamayanan ng tribo.

WALANG POSISYON PROP 27

WALANG POSISYON: Nagkakaloob ng lisensiya sa mga tribo at malalaking kumpanya ng pasugalan na mag-alok ng online na pagtaya sa sports sa Internet at mga mobile device. Bumubuo ng kita upang masakop ang mga gastos sa regulasyon at matugunan ang kawalan ng tirahan. Pinapataas ang panganib ng menor de edad at problema sa pagsusugal. Nahahati ang mga pamayanan ng tribo.

✓ PROP 28

SUPORTA: Nag-aatas sa estado na magbigay ng pinakamababang mapagkukunan ng pondo para sa edukasyon sa sining sa mga pampublikong paaralan ng K-12 nang hindi nagtataas ng mga buwis. Kung walang sapat na pondo, inaalis ng mga paaralan ang prayoridad sa pag-akses sa edukasyon sa sining kahit na ang mga sistema ng Cal State at University of California ay nangangailangan ng pagtuturo sa sining para sa pagpasok dito.

✓ PROP 29

SUPORTA: Nangangailangan ng mga klinika sa dialysis upang matugunan ang mga bagong kinakailangan sa mga paglalagay ng tauhan sa site, pag-uulat sa estado, at pagsisiwalat ng mga interes sa pagmamay-ari sa mga klinika. Pinapabuti ang kaligtasan at kalidad ng pangangalaga para sa mga pasyente, pinatataas ang katapatan (transparency) sa pananalapi, at ipinagbabawal sa mga klinika ang diskriminasyon laban sa mga pasyente batay sa paraan ng pagbabayad.

✓ PROP 30

SUPORTA: Binabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas sa pamamagitan ng pagtaas ng mga buwis sa mga milyonaryo at paggamit ng kita para sa subsidyo ng mga pagbili ng mga zero-emission na sasakyan at sa instalasyon ng mga charging station, partikular sa mga komunidad na may mas mababang kita at mga komunidad ng kulay. Nagbabayad din para sa pagkuha at pagsasanay ng mga bumbero.

✓ PROP 31

SUPORTA: Ang reperendum na nagbibigay sa mga botante ng pagpipilian na panindigan ang (“oo” na boto) o baligtarin (“hindi” na boto) ang isang 2020 na batas ng estado na nagbabawal ng pagbebenta ng karamihan sa mga produktong tabako, na ipinapatupad ng $250 na multa sa mga lisensyadong nagtitingi para sa bawat paglabag. Gumagamit ang mga kumpanya ng tabako ng lasa ng tabako upang maakit ang mga kabataan at mga komunidad ng kulay, na humahantong sa pagkagumon, sakit, at pagtaas ng panganib ng kamatayan.

County ng Los Angeles

✓ MEASURE A

SUPORTA: Binibigyan ang Lupon ng mga Superbisor ng county ng awtoridad na tanggalin sa katungkulan ang isang inihalal na sheriff ng county "para sa isang dahilan," tulad ng paglabag sa isang batas na may kaugnayan sa mga tungkulin ng sheriff, pagpapabaya sa mga tungkulin, maling paggamit ng mga pondo, o pakikialam sa isang imbestigasyon. Ang mga naunang sheriff ay inakusahan at nahatulan ng mga krimen. Ito ay isang mahalagang kasangkapan para sa pananagutan ng isang sheriff. Ipaiiral ito sa lahat ng sumusulong na sheriff.

✓ MEASURE C

SUPORTA: Nagtatatag ng bagong buwis sa mga negosyong lumalaki at nagbebenta ng cannabis sa mga hindi pinagsama-samang lugar ng county. Kasalukuyang ipinagbabawal ang mga negosyong ito ngunit magiging legal at papahintulutan simula sa 2023. Pagkatapos maging legal ang mga ito, kailangan ang kita ng buwis para makontrol ang mga ito at matiyak ang kaligtasan ng produkto.

Distrito ng Los Angeles Community College

✓ MEASURE LA

SUPORTA: Nagpapataw ng buwis sa mga may-ari ng residential at komersyal na ari-arian na $25 bawat $100,000 ng tinasang paghahalaga ng ari-arian upang tustusan ang isang $5.3 bilyong bono para sa sistema ng kolehiyong pangkomunidad ng LA. Ang mga pondo ay magkukumpuni at magpapabuti sa mga lumang silid-aralan, gusali, at kagamitan, tulad ng pag-alis ng asbestos at amag, at magtatayo ng pabahay para sa mga estudyante at manggagawa.

Lungsod ng Los Angeles

VOTE ✓ 11/8/2022

✓ PROP LH

SUPORTA: Nagbibigay kapangyarihan sa lungsod na magdebelop ng hanggang 5,000 karagdagang yunit ng paupahang pabahay para sa may mababang kita sa bawat isa sa 15 distrito ng konseho ng lungsod, o hanggang 75,000 yunit sa kabuuan. Kailangan upang tugunan ang mataas na halaga ng pamumuhay, ang kakulangan ng abot-kayang pabahay, at kawalan ng tirahan sa lungsod.

✓ PROP SP

SUPORTA: Nagpapataw ng buwis sa “mga pagpapabuti ng parsela (parcel improvements)” para lumikha, mapabuti, at magpatakbo ng mga parke at sentrong panlibangan. Kailangan dahil ang mga Angelenos, lalo na ang mga komunidad na may kulay na mababa ang kita, ay walang sapat na akses sa mga parke, at ang umiiral na programa upang pondohan ang mga parke at sentrong panlibangan ay magtatapos sa 2026.

✓ MEASURE ULA

SUPORTA: Lumilikha ng isang permanenteng taunang programa sa pagpopondo para sa abot-kayang pabahay at prebensyon sa kawalan ng tirahan, na pinondohan ng isang beses na buwis sa pagbebenta ng mga ari-ariang may mataas na halaga (mahigit $5 milyon). Kailangan upang tugunan ang mataas na halaga ng pamumuhay, ang kakulangan ng abot-kayang pabahay, at kawalan ng tirahan sa lungsod.

Ad paid for by AAPI Equity Alliance, 905 E 8th St, Los Angeles. Additional information available at ethics.lacity.org.